# HEPATITIS C

## Ang Tahimik Na Epidemya



### Ano ang hepatitis C?

Ang *hepatitis* ay pamamaga ng atay. May limang klase ng *hepatitis*: A, B, C, D & E. Sa limang ito, ang *hepatitis* C virus o HCV ay itinuturing na isa sa pinaka-nakamamatay at pinakamahirap gamutin. Sa buong mundo, itinatayang may 71 milyong tao ang may talamak na impeksyon ng *hepatitis* C virus (HCV). Marami sa kanila'y nakatira sa mga bansang mahirap at may sapat lamang na kita o tinaguriang *low-* at *middle-income countries* (LMICs). Kadalasan, di nila alam na may impeksyon na sila, dahil wala silang napapansing sintomas ng sakit, kaya di sila nagpapagamot. Ito ang dahilan kung bakit ang HCV ay tinatawag na 'nakatagong epidemya.' Pero ang sakit na ito'y nagagamot.

### Paano ka maaaring magkaroon ng HCV?

Nakukuha ang HCV sa dugo, halimbawa:

- sa pagsalin ng dugo
- sa di ligtas na iniksyon
- sa mga lugar na nagbibigay ng di ligtas na pangangalagang pangkalusugan
- sa mga aktong sekswal kung saan maaaring malantad ang tao sa dugong may HCV
- mula sa inang buntis sa sanggol habang nasa sinapupunan pa ito (hindi gaanong pangkaraniwang).

Kumonsulta agad sa doktor kapag merong: lagnat, pagkapagod, kawalan ng ganang kumain, paninilaw ng balat at mata, pagitim ng kulay ng ihi, pagkahilo, at pagduduwal.

### Pwede ka bang mamatay sa hepatitis C?

Ang HCV ay isa sa mga pinaka-nakamamatay na klase ng *hepatitis*. Noong taong 2019, halos 300,000 ang namatay dahil sa HCV noong 2019. Karamihan sa mga ito'y dahil sa mga kumplikasyong gaya ng *cirrhosis* at *liver cancer*.

**Mga lima hanggang 25% sa kanila ang magkakaroon ng *cirrhosis* sa susunod na sampu hanggang dalawampung taon.**

### Paano maiiwasan at paano gagamutin ang hepatitis C?

- Magpunta sa mga pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan na nagsasagawa ng tamang pamamaraan ng pag-iwas o pagpigil sa impeksyon; at
- Obserbahan ang wasto at palagiang paggamit ng *condom*.





### Ano ang ginagawa ng Doctors Without Borders para tugunan ang hepatitis C?

Ginagamot ng *Doctors Without Borders* ang mga taong may *hepatitis* C sa iba't ibang bansa, tulad ng Iran, Myanmar, Ukraine, Pakistan, India at Cambodia.



Isinusulong ng *Doctors Without Borders* ang paggamit ng *direct-acting antivirals* (DAAs) na ligtas at epektibo sa paggamot ng impeksyon sa HCV. Kaya lang, limitado ang DAAs dahil mataas ang presyong sinisingil ng mga kumpanyang gumagawa ng gamot. Sa katapusan ng taong 2019, may 48 milyong katao ang hindi nakakakuha ng mga DAA, na mas ligtas, mas konti ang negatibong epekto, at mas epektibo sa paggamot ng impeksyon sa HCV.

Ang *Drugs for Neglected Diseases Initiative* (DNDi), isang organisasyong nagsasagawa ng pananaliksik ukol sa mga bagong pamamaraan ng paggamot, ay nanguna sa ilang klinikal na pagsubok ng mga DAA na *ravidasvir* (RDV) at *sofusbuvir* (SOF) sa Malaysia noong 2016. Ayon sa mga resulta, ang kumbinasyong RDV/SOF ay maihahambing sa pinakamagaling na HCV *therapies* na ginagamit sa kasalukuyan. Nung Hunyo 2021, inaprubahan ng Malaysia ang paggamit ng Ravida® (*ravidasvir*), kasama ang iba pang gamot para sa paggamot ng impeksyon sa HCV. Ito ang kalabasan ng ilang taong pakikipagtulungan ng DNDi at ng gobyerno ng Malaysia, para mabawasan ang mga hadlang sa pagkuha ng gamot at maging abot-kaya ang presyo ng mga gamot para sa HCV sa Malaysia.

MEDECINS SANS FRONTIERES
DOCTORS WITHOUT BORDERS

@msf.philippines
@msf.philippines
@msf_seasia

*Kung gusto mong matuto pa tungkol sa hepatitis C at iba pang mga nakakahawang sakit, i-scan lang ang QR code!*

Website: doctorswithoutborders-apac.org/ph